

<3> Mga aplikasyon

Mga madalas na sinasagawa

Sinisita sa counter ang Identification

Kailangan ng papeles na may litrato ng mukha, na gawa ng publikong opisina (Passport, Residence Card, Driver's license, My Number Card etc), para sa pagproseso na kailangan ang "Pagkasiguro ng sarili". Kung walang nito, kailangan ng dalawa pataas na piraso ng papeles ng walang litrato, na gawa ng publikong opisina (Healthcare Card, Pension Booklet etc).

Paglipat ng address

Citizens' Affairs Division ☎ 23-6129 FAX 27-1158

	Aplikasyon	Aplikante	Kailangan	Lugar
Pagpasok "Tennyu" (mula sa ibang syudad)	Sa loob ng 14 araw pagkalipat	Sarili, o isa sa mga taong lumipat	Sertipiko ng paglabas "Tenshutsu Shomei" (bukod sa espesyal na paglipat) • Identification • My number card (kung mayroon) • Basic residence registration card (kung mayroon) • Residence card o Sertipiko ng espesyal na permanenteng residente (Para sa mga dayuhan)	Citizens' Affairs Division (East Bldg. 1F) Branch office serbisyo para sa mga mamamayan
Paglabas "Tenshutsu" (patungo sa ibang syudad)	mula 30 araw bago ang lipat, hanggang 14 araw pagkalipat	Sarili, o isa sa mga taong kasama sa sambahayan	Identification • My number card (kung mayroon) • Basic residence registration card (kung mayroon) • Residence card o Sertipiko ng espesyal na permanenteng residente (Para sa mga dayuhan) • rehistro ng hanko (kung mayroon)	
Paglipat "Tenkyo" (sa loob ng syudad)	Sa loob ng 14 araw pagkalipat	Sarili, o isa sa mga taong kasama sa sambahayan	Identification • My number card (kung mayroon) • Basic residence registration card (kung mayroon) • Residence card o Sertipiko ng espesyal na permanenteng residente (Para sa mga dayuhan)	
Pagbago ng Kasambahayan "Setai Henkou"	Sa loob ng 14 araw pagkabago	Sarili, o isa sa mga taong kasama sa sambahayan	Identification	

※May mga hindi magagawa sa branch office. Hanapin sa website kung ano ang mga maaaring gawin.

※Tanungin ang kanya-kanyang departamento para sa mga transaksyon at proseso ukol sa Government healthcare • Suporta sa gastusing medikal para sa lampas 75 taong gulang • Suporta sa gastusing medikal para sa bata • Booklet for disabled person.

Ukol sa Koseki

Citizens' Affairs Division ☎ 23-6135 FAX 27-1158

	Aplikasyon	Aplikante	Kailangan	Lugar
Marriage contract		Mag-asawa	Identification • Hanko (ng bawat tao) • (Kung hindi Okazaki ang tirahang permanente (honseki)) Rehistro ng pamilya • My number card (kung mayroon) • Basic residence registration card (kung mayroon) • Healthcare card (kung mayroon)	Citizens' Affairs Division (East Bldg. 1F) Branch office serbisyo para sa mga mamamayan
Report of Birth	Sa loob ng 14 araw	Ama o Ina o parehas	Birth certificate • Hanko • Baby book • Healthcare card at bankbook ng magulang (kung mayroon)	
Report of Divorce		Mag-asawa ※Kumunsulta sinauna kung nais ang ... pagalitis, paghukom, o arbitrasyon	Identification • Hanko (ng bawat tao) • (Kung hindi Okazaki ang tirahang permanente (honseki)) Rehistro ng pamilya • My number card (kung mayroon) • Basic residence registration card (kung mayroon) • Healthcare card (kung mayroon)	
Report of Death	Sa loob ng 14 araw	Kamag-anak	Sertipiko ng kamatayan • Hanko • Healthcare card (ng namatay) at Bank book ng magsasagawa ng pagburol. ※Baka sakaling kailangang iproseso ang pagbalik ng healthcare card, at pension booklet. Maaaring magtanong bago pumunta.	
Abiso ng paglipat ng family register		Pinuno ng family register, at ang kanyang asawa	Hanko (ng pinuno ng family register, at ng kanyang asawa) Kung papasok mula o lalabas ng ibang syudad, Family Register.	

※May mga hindi magagawa sa branch office. Hanapin sa website kung ano ang mga maaaring gawin.

Inkan (Hanko) Registration

Citizens' Affairs Division ☎ 23-6132 FAX 27-1158

[Aplikante] Mismong tao o Legal representative.**[Lugar]** Citizens' Affairs Division (East Bldg 1F), Branch office, serbisyo para sa mga mamamayan**[Kailangan]** ①Kung ang mismong tao ang aplikante

(Kung tama ang aplikasyon, mag-gagawa ng card na magagamit agad, sa mismong araw)

Hanko na nais ipa-rehistro • Identification

②Kung mag-aaplika gamit ang legal representative

(ibibigay ang card sa mga susunod na araw)

Power of attorney grant notice • Hanko na nais ipa-rehistro • Identification ng representative

Sertipiko ng rehistrasyon ng Inkan (Hanko)

[3] Mga aplikasyon <7>-2

※Dalhin ninyo ang Inkan (Hanko) registration

【Aplikante】 Mismong tao o Legal representative

【Lugar】 Citizens' Affairs Division (East Bldg 1F), Branch office, serbisyo para sa mga mamamayan

【Kailangan】 Inkan (Hanko) registration, Identification ng taong pumunta sa counter

【Bayad】 (para sa bawa' t **isang** piraso) /200 円

Mga Sertipiko

Citizens' Affairs Division ☎ 23-6528 FAX 27-1158

【Aplikante】 Mismong tao o Legal representative

【Lugar】 Citizens' Affairs Division (East Bldg 1F) , Branch office, serbisyo para sa mga mamamayan

【Kailangan】 Identification ng taong pumunta sa counter

【Bayad】 (para sa bawa' t **isang** piraso)

Sertipiko ng pagkakakilanlan "Mimoto shomei" /200 円

Sertipiko ng buong rehistro ng pamilya • buong rehistro ng sarili

"Koseki • Kojin-jiko (Touhon • Shouhon)" /450 円

Sertipiko ng **pagkabura ng** buong rehistro ng pamilya • buong rehistro ng sarili

"Joseki • Kojin-jiko (Touhon • Shouhon)" /750 円

Tag ng rehistro ng pamilya "Koseki no fuhyou" /200 円

Sertipiko ng pagiging residente "Juminhyo" /200 円

Sertipiko ng pagkakatotoo ng nakatalata sa Juminhyo "Juminhyo kisai-jiko" /200 円

■ Kung nais magtayo ng proxy o representative?

Kailangan ng Power of Attorney Grant Notice (makukuha sa website) na sinulat ng aplikante, at identipikasyon ng aplikante at ng representative.

Kung may katanungan, mangyari lamang na tumawag sa Citizens' Affairs Division (☎ 23-6528).

My number card (Individual number card)

Citizens' Affairs Division ☎ 23-6800 FAX 27-1158

Ang **my number card** ay IC card na may litrato at impormasyong digital na may mataas na seguridad. Nakasaad din sa harap ng card ang pangalan, address, kaarawan, kasarian, litrato ng mukha, at nakasaad sa likod ng card ang mismong individual number.

Maraming mapag-gagamitan ang card na ito, katulad ng paggamit nito bilang Identification, pagkuha ng Juminhyo at iba pang sertipiko sa convenience store gamit ang Digital Certification, at pagbayad o pagtanggap ng salapi patungo o mula sa gobyerno, katulad ng pagbayad ng buwis sa pamamaraan ng e-tax.

Pagkuha ng litrato at pag-aplika

【Aplikante】 Mismong sarili

- 【Lugar】** Citizens' Affairs Division (East Bldg 1F), Branch office, serbisyo para sa mga mamamayan
【Kailangan】 Identification • Notification card (or notification letter) • Basic residence registration card (kung mayroon)

Pagkuha

- 【Aplikante】** Mismong tao o Legal representative
【Lugar】 Citizens' Affairs Division (East Bldg. 1F), serbisyo para sa mga mamamayan
【Kailangan】 ①Kung ang mismong tao ang aplikante
 Notipikasyon ng pagkagawa ng card (puting postcard na may ilustrasyon ng kuneho)
 • Identification • Notification card • Basic residence registration card (kung mayroon)
 ②Kung mag-aaplika gamit ang legal representative (Makukuha ang card sa ibang araw)
 Notipikasyon ng pagkagawa ng card (puting postcard na may ilustrasyon ng kuneho)
 • Identification ng aplikante at ng representative • Notification card
 • Power of attorney grant notice
 • Papeles na nagpapatunay na mahirap ang pagpunta sa munisipyo
 • Basic residence registration card (kung mayroon)

Pagbabago ng Electric Certificate, Pagbabago ng Password/code

- 【Aplikante】** Mismong tao o Legal representative
【Lugar】 Citizens' Affairs Division (East Bldg. 1F), serbisyo para sa mga mamamayan
【Kailangan】 ①Kung ang mismong tao ang aplikante
 My number card
 ②Kung mag-aaplika gamit ang legal representative
 Sulat na pinadala ng Munisipyo • My number card ng aplikante
 • Power of attorney grant notice



Partnership, Familyship system

Diversity Promotion Division ☎ 23-6222 FAX 23-6626

Ito ang sistema na magbibigay ng sertipiko ng pagproseso sa mga taong nagnanais mangakong maging partner ng buhay, at magtulungang mamuhay, kahit ano ang kasarian. Aplikado din ito sa mga pamilyang may anak. Magbibigay ng katunayan na pamilya ang sambahayan, kahit ano ang kasarian ng bawat tao.

- 【Aplikante】** Ang 2 tao na mangangako ng partnership
【Lugar】 Diversity Promotion Division (East Bldg. 2F)

【Kailangan】 Identification atbp.

※Tumawag para malaman kung ano ang mga kailangang dalhin

Punerarya ng Okazaki

☎ 46-2688 FAX 46-5151

Pagsunog ng katawan

【Oras】 AM 9:00 to PM 5:30

【Pahinga】 Enero 1, at tomobiki-no-hi (“ friend pulling days ” , markadong “ 友引 ” sa kalendaryo, tinuturing na malas sa kremasyon, at sa paglibing)

【Aplikasyon】 Magpunta sa punerarya

【Bayad】 walang bayad kung ang 「address ng taong pumanaw」 o 「address ng kamag-anak na nag-aplika para sa taong pumanaw」 ay nasa Okazaki

Pagsunog ng katawan ng pet

【Oras】 AM 9:00 to PM 5:30

【Pahinga】 Enero 1, at tomobiki-no-hi (“ friend pulling days ” , markadong “ 友引 ” sa kalendaryo, tinuturing na malas sa kremasyon, at sa paglibing)

【Aplikasyon】 Magpunta sa punerarya

【Bayad】 1 5kg pataas • • • 5,500 円/body

5kg pataas, 1 5kg pababa • • • 4,1 20 円/body

5kg pababa • • • 2,750 円/body

※Sabay-sabay susunugin ang mga katawan ng pumanaw na pet, kaya’ t hindi makukuha ang kanya-kanyang buto at abo.

Mga Serbisyo Habang Nakasara ang Munisipyo (Gabi • Araw ng Pahinga)

Aplikasyon na magagawa sa guard room (East Bldg. 1 F)

Citizens’ Affairs Division ☎ 23-6135 FAX 27-1158

【Oras】 Weekdays: PM 5:15 ~ AM 8:30

Sabado, Linggo, Holiday, Katapusan/Umpisa ng taon: Buong araw

【Nilalaman】 Report of Marriage/Birth/Death etc. mga proseso ukol sa citizen status.

※Aplikasyon lamang. Tatawag sa mga susunod na araw ang departamento sa inyo kung may mali o kakulangan sa aplikasyon. May pagkakataong nakasara rin ang guard room, mangyari lamang na tumawag sa Munisipyo sa weekdays at tanungin ang petsa at oras bago pumunta.

※Hindi tumatanggap ng aplikasyon ukol sa cremation sa gabi (PM 5:15 ~ AM 8:30)

Aplikasyon at pagtanggap ng papeles sa pamamagitan ng Mail

【Nilalaman】 Juminhyo, proseso/ sertipiko ukol sa citizen status ay maaaring gawain/hingiin via mail.

【Kailangan】 Papel ng aplikasyon (DL mula sa website), xerox copy ng harap at likod ng Identification, Fixed amount exchange (Teigaku kogawase) na halaga ng papel na kukuhanin, Return Envelope

Aplikasyon at pagtanggap ng papeles sa pamamagitan ng Internet

【Nilalaman】 Maaaring mag-aplika ng mga sertipiko gamit ang website, mula sa Electronic Application Counter “Denshi Shinsei Madoguchi” (kailangan ng Digital Identification na nasa loob ng My number card) Makukuha ang mga porma ng aplikasyon sa website.

Pag-pagawa ng mga sertipiko mula sa convenience store

【Nilalaman】 Juminhyo, Sertipiko ng Hanko (150 ¥/1 piraso)
Sertipiko ng rehistro ng pamilya (o pang-sarili) (450 ¥/1 piraso)
Tag ng rehistrto ng pamilya (200 ¥/1 piraso)

【Oras】 AM 6:30 ~ PM 11:00
(sarado sa tuwing maintenance, at sa Dec. 29 ~ Jan. 3)

【Kailangan】 My number card
※kailangan ang 4 digit na passcode sa pagkuha nito.

【Paggamit】 Piliin ang “Government Services (Gyosei sa-bisu)” mula sa main menu ng Multi-copy machine at sundin ang instruction.

【Lugar】 Aeon, 7-eleven, Lawson, Familymart, Ministop, atbp.

※Hindi kayang i-return o i-refund ang mga sertipikong nakuha mula sa convenience store.

※May pagkakataong hindi makuha ang sertipiko, dulot ng hindi pagkatapos ng proseso ng status ninyo.

※Kinakailangang magrehistro sa interface ng convenience store, kinaunahan sa pagkuha ng mga sertipiko ukol sa rehistro ng pamilya, kung sakali mang planong kumuha mula sa store na wala sa syudad na tinitirahan.

.....

Lahat ng ukol sa hayop “Animo”

Kakemachi, sa loob ng Higashi Park ☎ 27-0444 FAX 27-0422

Sarado sa Lunes (Bukas tuwing holiday, sarado sa sunod na non-holiday)

Isinasagawa dito ang pagkuha ng aso at pusa, konsultasyon sa pag-alaga at pag-disiplina, pag-alis ng bubuyog atbp., at mayroon ding iba-ibang kaganapan na ginagawa sa loob ng taon.

Pagrehistro ng Aso

Kailangang magparehistro ng aso, sa loob ng 30 araw ng pagkuha niya (ang bagong panganak na aso ay 30 araw mula paglampas ng 90 araw mula sa pagkapanganak). Kailangang ipa-rehistro kung nagpalit ng nangagalaga, o address ng tirahan, kahit na naparehistro na ang aso noon.

Bakuna laban sa Rabies

Kailangang ipabakuna ang mga asong lumampas na sa 91 araw mula panganak, kada-taon ng tagsibol, sa mga

beterinarya na nagsasagawa ng mass-vaccination sa loob ng syudad. Hindi nagbibigay ng bakuna ang Animo.

Pag-alis ng bubuyog/putakti

Nag-aalis kami ng bahay-pukyutan (bahay ng bubuyog) ng honeybee, at wasp. Munisipyo ang maglalabas ng mga bayarin sa pagtanggali ng bahay-pukyutan, ngunit kailangan ninyong alisin ang mga nakaharang na kagamitan paga sa pag-tanggali ng bahay-pukyutan.

※Hindi kasama ang ibang bubuyog na hindi nakatalata sa itaas.